ISSN 2672-2879

Tomo 2 Blg. 2, Marso-Abril 2020

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Matamis na tagumpay sa pangalawang pagkakataon

NI **MA. CECILIA IRANG**

**"To see is to believe."**

**Ganito ang naging paniniwala ni Gemma Bengil, 40, ng barangay Canahay, Surallah sa South Cotabato bago siya nagdesisyong sumuong sa negosyong paggagatasan–ang makita muna ang resulta ng isang gawain bago ito tuluyang subukan.**

Hindi nagtagal, nakita niya ang daloy ng gatas, naranasan ang mga biyayang hatid nito, at ngayo'y naniniwalang ito ang magbibigay ginhawa sa kanilang buhay.

Isa si Gemma, miyembro ng Canahay Dairy Farmers Association (CADAFA), sa mga nakatanggap ng isang *Italian Mediterranean buffalo* mula sa DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC@USM) noong 2016. Nguni't sa halip na kunin at alagaan ay isinauli niya ito.

Bagama't hindi na bago sa kanya ang pag-aalaga ng kalabaw dahil lumaki siya sa pamilya ng magsasaka, nagdalawang isip siya na subukan dahil, aniya, pinangunahan siya noon ng takot at pag-aalinlangan na sumubok sa bagong gawain.

"Isinauli ko kasi natakot ako na baka may mangyaring masama sa kalabaw na ipinahiram sa'kin tapos wala akong pambayad," ani Gemma.

Ilang buwan ang lumipas, nagsimula nang gumatas at magbenta ang ilang mga miyembro kabilang ang kapatid ni Gemma. Taong 2019 nang mahikayat na siyang pasukin ang paggagatas. Muli siyang umaplay sa DA-PCC@USM at mapalad namang nabigyan ng pangalawang pagkakataon na mapahiraman muli ng isang kalabaw na buntis na.

Pinag-aralan niya kung paano maggatas nang maayos. Maliban sa pagbebenta ng gatas, mas pinalawak ni Gemma ang mapagkakakitaan niya, nagsimula siyang magproseso ng mga produkto mula rito gaya ng *choco milk* at mga kakanin.

**SUNDAN SA P. 2**



## Gatas ng kalabaw panlaban sa COVID-19

NI **CHARLENE JOANINO**

**Bilang tugon sa malawakang inisyatiba laban sa COVID-19, nakikipagtulungan ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) *regional centers* sa mga samahan ng magsasakang maggagatas at sangay ng gobyerno sa pagsasagawa ng *community milk feeding programs* sa iba't ibang lugar sa bansa.**

Layunin ng nasabing programa na palakasin pang lalo ang *immune system* ng mga piling benepisyaryo sa pamamagitan ng pag-inom ng gatas ng kalabaw. Ito ay masustansiya at nagtataglay ng *calcium, phosphorus*, protina, enerhiya, *magnesium*, at *potassium*.

Kabilang sa mga nabigyan ng gatas ay mga *frontliners*, bata, *senior citizens*, buntis, empleyado ng DA-PCC, at ilang piling pamilya.

Sa pamamagitan ng *community milk feeding program*, natutulungan ang mga maggagatas na patuloy na kumita sa kabila ng *enhanced community quarantine* (ECQ).

Mula Marso hanggang Abril, narito ang kabuuan ng naisagawa na at patuloy na isinasagawang *milk feeding programs* ng DA-PCC *regional centers*:

**SUNDAN SA P. 7**

## 'Bukidnon Dairy' bilang isang lugar panturismo

NINA **MA. CECILIA IRANG** AT **JESON CANDOLE**




**Ang "Bukidnon Dairy", isang pamilihan ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC@ CMU), ay inaasahang magiging akreditadong lugar panturismo sa Maramag, Bukidnon, matapos ang pagtalima nito sa *accreditation standards* ng**

**SUNDAN SA P. 4**

# Mga piling magsasaka sumailalim sa *Buffalo Production Management* sa Cagayan

NI **AILEEN BULUSAN**



**Aabot sa 16 na magsasaka mula sa Isabela at Cagayan ang dumalo sa pagsasanay sa *Buffalo Production Management* (BPM) na isinagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (DA-PCC@CSU) sa Bauang, Piat, Cagayan noong Marso 5-6.**

Ang BPM ay isa sa mga pangunahing aktibidad ng PCC na para sa mga nais na maging bahagi ng programa ng ahensiya sa pagpapahiram ng kalabaw.

Hangarin ng pagsasanay na mabigyang-kaalaman ang mga kalahok sa wastong pag-aalaga ng gatasang kalabaw, pagpapakain at tamang pagpapalahi.

Matututunan din sa BPM ang pag-iwas at pagsugpo sa iba't ibang sakit ng kalabaw, produksyon ng damong pakain at pag-iimbak nito, tamang pamamaraan ng pagtatala ng mga importanteng datos, at pagpapalahi.

Ilan sa mga teknolohiyang natutunan ng mga kalahok ang paggawa ng burong damo o *silage*, *urea molasses mineral block* (UMMB), *urea-treated rice straw* (UTRS), at pataba mula sa *animal manure* o dumi ng kalabaw gamit ang *vermicomposting*.

Ang mga nagsidalo sa BPM ay mula sa Amianian Coconut Farmer's Association, Cagayan-Apayao Farmer's Economic Development Association, Kalinga Farmer's Association of Capellan, Mabuhay Agriculture Cooperative, at isang magsasaka ng Santa Maria, Isabela.

Pinangunahan ng mga manggagawa ng DA-PCC@CSU kabilang sina Franklin Rellin, *center director;* Maximo Wandagan, *Science Research Specialist I;* Edelina Rellin, *Senior Science Research Specialist;* at Rovina Piñera, *center veterinarian* at *Training Specialist III,* ang isinagawang BPM.

Sa ilalim ng "Carabao Development Program" ng DA-PCC, isinusulong ang *genetic improvement, carabao-based enterprise development*, at *research for development*. Nagbibigay ang ahensiya ng libreng pagsasanay at *technical assistance* sa mga nag-aalaga ng kalabaw, magsasakang maggagatas, at *carapreneurs*.

## Matamis na tagumpay... MULA SA P. 1

Sa kasalukuyan, tatlo ang inaalagaang kalabaw ni Gemma: maliban sa *Italian Mediterranean buffalo*, mayroon din siyang isang *crossbred* na kalabaw na mula sa Provincial Office at isang *native* na kalabaw na kanyang pag-aari. Nakakokolekta siya ng pito hanggang walong litro kada araw kung saan naglalaan siya ng isa hanggang dalawang litro sa paggawa niya ng mga produktong gatas.

Ang ibang gatas ay binibili naman sa kanya sa halagang Php75 kada litro ni Dominic Paclibar, isa rin sa mga inaasistehang magkakalabaw ng DA-PCC@USM. Aniya, kumikita siya ng mahigit Php3,000 sa isang linggo.

Ayon sa kanya, malaki ang naitulong ng kita niya sa paggagatas para matustusan hindi lamang ang kanilang araw-araw na gastusin bagkus ay maging ang pag-aaral ng kanilang dalawang anak.

"Wala akong pagsisisi na sinubukan ko ang negosyong ito dahil talaga palang may pera sa gatas," masayang sabi ni Gemma.





Bagama't hindi lahat nabibigyan ng pangalawang pagkakataon sa isang gawain, hindi ito kahit kailan sinayang ni Gemma. Nagpursigi siya at ngayo'y tinatamasa na ang mga biyayang hatid ng negosyo sa pagkakalabaw.

Plano ni Gemma na dagdagan pa ang mga alagang kalabaw at ipagpatuloy ang pagpoproseso ng mga produktong gawa sa gatas nito.



# Pagsisimula, pag-asa, at kasiyahang hatid ng pagkakalabaw

NI **CHARLENE JOANINO**



> "Sa loob ng ilang taon, pinangarap ko na magkaroon ng sariling gatasan. Nagpapasalamat ako na natupad na ang matagal ko nang pangarap. Higit sa perang kikitain ko mula rito ay ang kaligayahan na natatamo ko sa paninirahan dito sa bukid at sa pag-aalaga ng kalabaw."

**Determinasyong magkaroon ng sariling negosyo sa paggagatasan ang inspirasyon ni Abner Panaligan, 60, ng Sto. Niño, South Cotabato, sa matiyagang pag-aalaga ng kalabaw.**

Nagsimula ang pangarap niyang ito matapos niyang lumahok sa *Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production* (FLS-DBP) ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at mapahiraman ng kalabaw ng nasabing ahensiya.

Bata pa lang si Abner ay nakagisnan na niya ang buhay-bukid. Parehong magsasaka ang mga magulang kung kaya't hindi na bago sa kanya ang pag-aalaga ng kalabaw lalo't katuwang nila ito sa pagtatanim ng palay. Dating *electrician*, mas pinili ni Abner ang pagbubukid sa kalaunan.

"Gusto ko ang buhay sa bukid. Simple at tahimik," ani Abner.

Mga taong 1980s nang magdesisyon si Abner na gamitin ang bahagi ng lupang nakasanla sa kanya sa pagsasaka ng palay. Bumili siya ng isang *native* na kalabaw na naging katulong niya sa pag-aararo rito.

Pagkalipas ng dalawang taon ay napangasawa niya si Epifania. Sumuong siya sa iba't ibang pagkakakitaan upang matustusan ang lumalaking pamilya.

Bumili siya ng *thresher* upang iparenta sa mga magsasaka ng palay at mais. Nagtanim din siya ng niyog. Pagkaraan ng higit 10 taon ay binili niya ang lupang isinanla sa kanya na aabot sa 2.6 ektarya.

Nang mapagtapos ni Abner ng pag-aaral ang tatlo sa apat niyang mga anak ay tumira na siya sa naturang lupain.

Unang nalaman ni Abner ang negosyo sa pag-aalaga ng kalabaw sa isang pagsasanay na isinagawa ng DA. Nang magkaroon ng FLS-DBP sa kanilang bayan, naisip ni Abner na ito na ang pagkakataon niyang subukan ang nasabing negosyo.

Ang FLS-DBP ay isang pagsasanay kung saan itinuturo ang wastong pangangalaga ng gatasang kalabaw, mga negosyong salig sa pagkakalabaw, at iba't ibang teknolohiyang maaaring pagpilian at gamitin base sa kanyang kakayahan at pangangailangan. Aabot sa 34 na linggo ang haba ng pagsasanay.

Makaraan ang FLS-DBP ay napagdesisyunan ni Abner na mag-*apply* sa programa ng PCC na *family module* kung saan napahiraman siya ng limang kalabaw.

"Pinuntahan namin si Abner upang tingnan yung *farm* niya kung mainam ba magpalaki ng kalabaw sa lugar at kung ano 'yong mga tanim na mayroon siya na maaaring ipakain sa mga kalabaw. Nakita namin na kuwalipikado siya kaya inaprubahan ang kanyang *application*," pagbabahagi ni Nasrola Ibrahim, *Carabao-Based Enterprise Development coordinator* ng PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC@USM).

Nagdesisyon si Abner na subukan ang paggawa ng *silage* o pagbuburo ng damo bilang pakain sa kalabaw na natutunan niya sa FLS-DBP.

"Maraming mais dito sa lugar namin kaya naisip ko na mainam na mag-*silage*. Dahil may nakaimbak na pakain, hindi ko na kailangan pang ilabas ang aking mga alaga nang isa-isa upang pakainin ng sariwang damo," ani Abner.

Bumili siya ng *chopper* para sa bagaso ng mais na nakukuha niya ng libre sa mga nagsisipag-ani ng mais. Sa ngayon, si Abner lang ang tanging gumagawa ng *silage* sa South Cotabato.

"Balak ko magbenta ng *silage* sa ibang mga magsasaka," aniya.

Sa isang araw, nakakukunsumo ang isang kalabaw ni Abner ng dalawang sakong *silage*. Nagpapakain siya tuwing alas-singko ng umaga at mga alas-tres ng hapon.

Bukod sa *silage* ay gumagamit na rin siya ng *Urea Molasses Mineral Block* upang mas lalo pang mapainam ang nutrisyon ng mga alaga.

"Malaking tulong 'yong *assistance* ng PCC gaya ng FLS-DBP sa mga magsasakang tulad ko dahil nalalaman namin kung anu-ano ba ang dapat gawin para mapaunlad ang kawan namin," ani Abner.

Suportado ng pamilya niya si Abner. Ang mga anak niyang sina Jessie at Grace ang tumutulong sa pampinansyal na pangangailangan niya sa pagkakalabaw habang hindi pa siya nagsisimulang maggatas. Ang anak niyang si George ay naging dating katulong niya sa pang-araw-araw na gawain habang ang asawang si Epifania ay katulong niya mula noon hanggang ngayon. Ang bunso niyang si Grazelle ang pinag-aaral nilang mag-anak ngayon.

Lumahok ang anak ni Abner na si Grace sa pagsasanay ng PCC tungkol sa pagproproseso ng gatas ng kalabaw. Nakikinita ni Abner na balang araw ay magiging *family business* nila ang paggagatas ng kalabaw at pagbebenta ng produktong may gatas.

Sa kasalukuyan ay mayroon nang pitong kalabaw si Abner, anim na *crossbreds* at isang *native* na kalabaw.

Masayang ibinahagi ni Abner na malapit na niyang anihin ang bunga ng pagsisikap sa pag-aalaga ng kalabaw dahil buntis na ang tatlo sa mga ito.

# Nakaaantig na kuwento ng mga kababaihan ng CADAFA, sentro sa selebrasyon ng *Women's Month* ng PCC@USM

NI **RODOLFO JR. VALDEZ**

**Sina Loyda at Zenith, mga babaeng nabago ang buhay at kapalaran nang dahil sa gatasang kalabaw.**

Naging tampok ang kuwentong-buhay nina Loyda Estañol at Melgin Zenith, parehong miyembro ng Canahay Dairy Farmers Association (CADAFA) sa South Cotabato, at ng kani-kanilang pamilya sa ginanap na taunang selebrasyon ng *Women's Month* ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC@USM) noong ika-3 ng Marso sa Barangay Canahay, Timog Cotabato.

Ibinahagi ng dalawa ang kanilang karanasan bilang mga babaeng maggagatas sa nabanggit na pagtitipon.

"Dahil sa hirap ng buhay, kahit na may sariling pamilya na ako, tinitiis ko ang kahihiyan na dumulog sa aking ina para humingi ng perang pambili ng bigas. Naranasan ng aking mga anak na kumain na lamang ng kamote upang mairaos ang gutom," pagbabalik alala ni Zenith.

Pero nang dahil sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, may pambili na sila ng pagkain, hindi lang sapat kundi sobra pa, para sa araw-araw.

"Bilang ilaw ng tahanan, nakatataba ng puso na makita mo ang pamilya mong unti-unting umuunlad sa tulong ng umaapaw na biyayang mula sa gatas ng kalabaw. Nakapagpundar kami ng isang sari-sari *store* at natutustusan na namin ang pag-aaral ng aming mga anak," paglalahad naman ni Loyda.

Ipinaabot nina Loyda at Zenith, maging nina Gemma Bengil at Nancy Zabala na mula rin sa CADAFA, ang labis na pasasalamat sa DA-PCC@USM at Local Government Unit (LGU) at Municipal Agriculture Office ng Surallah, South Cotabato sa nasumpungang mainam na kabuhayan dahil sa gatasang kalabaw.

Kasama sa programa ang pagpapamalas ng mga pamamaraan sa paggagatas ng CADAFA na ayon kay DA-PCC@USM *community organizer* Raquel Bermudez ay malaki ang naiambag sa layunin ng *center* sa pagpapaunlad ng mga kabuhayang salig sa kalabaw.

Inilahad ni Rosalino Ligahon , LGU-Surallah *dairy coordinator*, na malaki ang ginampanan ng mga babaing miyembro ng CADAFA sa tagumpay nito ngayon.

"Kung dati ay iniisip nila na ang pagkakalabaw ay gawaing panlalaki, ngayon ay hindi nila akalain na mababago ang kanilang pananaw at ang takbo ng kanilang buhay dahil dito. Nagsimula lamang sila sa pagpapalaki ng kalabaw hanggang sa kalauna'y nakita nila na malaki ang kita kung gagatasan nila ito. Kung dati ay umaasa lamang sila sa kanilang asawa, ngayon sila na mismo ang naggagatas at nagpa-*pasteurize* sa nakolektang gatas," ani Ligahon.

Saklaw ng DA-PCC@USM ang rehiyon XII. Ang nasabing *center* ay pinamumunuan ni *center director* Benjamin John Basilio. Kabilang sa *center* sina *Carabao-Based Enterprise Development coordinator* Nasrola Ibrahim at Bermudez na nakatuon sa pagbibigay suporta sa mga miyembro ng CADAFA.

Kaugnay pa rin ng *Women's Month*, binigyang-diin naman ni Ludivina Estimo, *DA-PCC@USM Gender and Development Focal Person*, ang *international theme* nito na "We Make Change Work for Women".

Aniya, ang mga naging pambihirang karangalan na nakamit ng mga kababaihan sa mga nagdaang taon ay patunay na hindi lamang gawaing pambahay ang papel ng mga kababaihan.

Ang *Women's Month* ay ginaganap tuwing buwan ng Marso bilang paggunita sa *International Women's Day*.

## 'Bukidnon Dairy'... MULA SA P. 1

**regional Department of Tourism (DOT).**

Ito ay alinsunod sa "Tourism Awareness and Stakeholder's Forum on Department of Tourism's Proper Accreditation" na ginanap sa The Margarette Business Hotel, Maramag, Bukidnon noong Marso 3.

Ang nasabing pagtitipon ay naglalayong ihanda ang mga panturismong establisyimento at negosyo ukol sa *implementing rules and regulations* (IRR) ng RA 9593 o *The Tourism Act of 2009* at maging ang mga pamamaraan na kailangang sundin para sa pagpapalisensiya ng negosyo.

Ang "Bukidnon Dairy", na may dating pangalan na "Buffalo's Milk Sales Outlet", ay kinilala bilang isa sa mga lugar sa Northern Mindanao na dinarayo ng mga turista. Gamit ang bago nitong pangalan, ito ay muling inilunsad noong Nobyembre 14, 2019 sa pagdiriwang ng *5th National Carabao Conference* na pinangunahan ng DA-PCC@CMU sa tulong ng Central Mindanao University.

Mataas ang pag-asa ni DA-PCC@CMU *Center Director* Dr. Lowell Paraguas na makapapasa sa *accreditation standards* ang nasabing *outlet* na mas lalong makapagpapalaganap sa pagbebenta nito ng mga produktong gatas.

"Malaking bagay na makamit natin ang DOT *accreditation* para mas mapagbuti pa ang mga produkto at ang pagbibigay ng serbisyo sa mga kliyente natin na manggagaling pa sa iba't ibang lugar," ani Dr. Paraguas.

Binanggit sa *forum* na ang mga negosyong akreditado ng DOT bilang lugar panturismo ay uunahin sa mga DOT *training programs*, mabibigyan ng *certification* at DOT *identification card* para sa mga tunay na empleyado at maisasama sa *bi-annual publication* ng lahat ng *accredited tourism establishments* at *frontliners* sa Region X.

Ang munisipalidad ng Maramag ay binansagang "Tourism Highway of Northern Mindanao".

Ito, ayon kay Oscar Navacilla, *public information officer*, ay nagbibigay pakinabang sa panlipunan at pang-ekonomiyang aspeto sa mga kalapit na probinsiya.

Sinabi naman ni Maramag Mayor Jose Joel Doromal na kailangang maghanda na ang mga posibleng maging lugar panturismo at pag-igihan pa ang pagbibigay nila ng serbisyo bilang preparasyon sa nagbabadyang pagdagsa ng mga bisita sa oras na makuha nila ang DOT *accreditation*.

Ayon kay Beverly Tagpongot, *tourism operations officer II* ng DOT-Region X, ang ma-*certify* ng DOT ay nangangahulugan ng pagtupad sa *minimum standards* para makapagpatakbo ng isang *tourism facility*.

Ibinahagi rin niya na ang layunin ng DOT ay makabuo ng isang industriya ng turismo na may pangkapaligiran at panlipunang responsibilidad, na maghahatid ng mas malawak na pagkakakitaan at mga trabaho.

Sa kabilang banda, sinabi ni Rico Libre, *tourism operations officer II* ng DOT-Region X, na ang programa sa turismo ng probinsiya ng Bukidnon ay nakakategorya sa mga sumusunod: *Recreational, Cultural, Religious/Faith, Medical/ Health, Adventure,* at *Farm.*



# Mga miyembro ng 2 koop sa Mindanao, nagsipagtapos ng FLS-DBP

NI **DORIE BASTATAS**

**Bilang bahagi ng inisyatiba sa proyektong *Accelerating Livelihood and Assets Buildup* o ALAB-KARBAWAN, 70 na magkakalabaw ang isinailalim at matagumpay na napagtapos ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Mindanao Livestock Production Complex (DA-PCC@MLPC) at ng Local Government Units (LGU) ng pagsasanay sa *Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production* (FLS-DBP) noong Marso 11 at Marso 13 sa Antipolo, Dapitan City.**

Isinagawa ang FLS-DBP upang matulungan ang Antipolo Primary Agricultural Multi-Purpose Cooperative ng Dapitan City (APA MPC) at Baclay Multi-Purpose Cooperative (BMC) sa Mecolong, Dumalinao, Zamboanga del Sur na nakatakdang sumuong sa pag-aalaga ng kalabaw.

Isinusulong sa aktibidad ang *dairy carabao development* sa pamamagitan ng paghahanda sa mga benepisyaryong tumanggap ng gatasang kalabaw na ipinamahagi ng kooperatiba sa ilalim ng ALAB-KARBAWAN.

Tumagal ng anim na buwan o 34 linggo ang FLS-DBP. Bukod sa mga leksyon at aktuwal na pagsasagawa ng natutunan ay mayroong *technology testing* kung saan sinuri at sinukat ang antas ng natutunan ng bawa't kalahok.

Sa FLS-DBP hinahasa ang kakayahan sa wastong pag-aalaga ng kalabaw at pagnenegosyo na salig dito. Nakapaloob dito ang iba't ibang pamamaraang magagamit sa pagpapaunlad ng kawan tulad ng mga teknolohiyang maaaring pagpilian na gamitin base sa pangangailangan.

"Nakatitiyak ako na mapalalago ang kabuhayan sa paggagatas ng kalabaw dito sa amin dahil sa FLS-DBP," ani Dapitan City Mayor Rosalina Jalosjos.

Kabilang sa mga tinalakay sa pagsasanay ay ang tamang pakain at pagpapakain sa kalabaw, pamamahala sa kalusugan, pagpapalahi, pagtatala, produksyon at pagsusuri ng kalidad ng gatas, at produksyon ng karne.

"Malaki ang pasasalamat namin sa DA-PCC dahil isa kami sa napiling lungsod na makinabang sa programa. Nakasasabik na isipin na sa hinaharap kung pag-usapan ang paggagatas, mangagaling ito sa Tukuran at Dumalinao,"ibinahagi ni Tukuran Vice Mayor Delfina Curtina.

Ang nasabing pagsasanay ay sa pakikipagtulungan ng DA-PCC@MLPC at tanggapan ng Municipal Agriculture ng mga lokal na pamahalaan ng Dapitan, Tukuran at Dumalinao.

Kaisa ng DA-PCC@MLPC sa pamamahala sa pagsasanay sina Dario Cuenca, Dr. Alfred Mel Dagay-loan, Genelyn Sularte, Walter Padaog, Marvin Padao, at Ceasar Acaylar na nangasiwa sa FLS-DBP sa Zamboanga del Norte. Sina Edmund Calvo Jr., Richard Hidalgo, Felipe Sabubo, Annie Rose Estañol, Rommedallo del Rama, at Gerardo Pingkian naman ang sa Zamboanga del Sur.

Ang dalawang grupong nagsipagtapos ay ikalawang pangkat ng mag-aaral ng FLS-DBP sa probinsiya ng Zamboanga del Norte at unang pangkat sa Zamboanga del Sur.

# PCC@WVSU isinulong ang matatag na negosyong gatasan sa 'Iloilo farmer's fair'

NINA **CHARLENE JOANINO** AT **MARY ANTONETTE ANDARZA**

Kamakailan ay itinampok sa isang pagtitipon ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang kahalagahan ng agrikultura at ang papel na ginagampanan ng mga kababaihan sa sektor.

Ayon kay Arn Granada, *officer-in-charge* ng DA-PCC sa West Visayas State University (WVSU), hindi maipagkakaila ang natatanging papel ng kababaihan sa agrikultura at sa pag-unlad panlipunan at pang-ekonomiya. Halimbawa, aniya, makikita ang lakas- kababaihan sa negosyong gatasan.

Ito ay kanyang ibinahagi sa pagdiriwang ng "2nd Semana Sang Mangunguma" (Linggo ng Magsasaka), isang inisyatibang inilunsad ng *local government unit* ng Calinog at Department of Agriculture.

Ang aktibidad, na may layuning isulong ang organikong pagsasaka, ay isinagawa sa pagtutulungan ng DA-PCC@WVSU at Calinog Farmers Agriculture Cooperative.

Naging tema sa taong ito ang: "Kauswagan handumon, palibot tatapon, organiko nga panguma talupangdon, dagaya nga ani aton maanghon, seguridad sa pagkaon maangkon!" (Kaunlaran pangarapin, kapaligiran ay alagaan, organikong pagsasaka ay bigyang-pansin, saganang ani magiging atin, seguridad sa pagkain ay makakamit!).

Nakatuon ang tema sa papel ng *organic agriculture* tungo sa progresibong pamayanan na may seguridad sa pagkain.

Sumabay ang pagdiriwang sa paggunita ng *National Women's Month* na ginaganap tuwing Marso.

Aabot sa 350 litrong *flavored* na gatas ng kalabaw ang ipinamahagi sa mga kooperatiba at asosasyon ng mga magsasaka na nagsidalo sa nasabing pagtitipon.

Ang *2nd Semana Sang Mangunguma* ay ginanap noong Marso 2-8 sa Calinog Public Plaza sa Calinog, Iloilo. Ito ay taunang selebrasyong ginagawa sa Calinog upang magbigay-pugay sa mga magsasaka at ipagdiwang ang masaganang ani.

# Bayanihan sa gitna ng COVID-19

NI **MA. CECILIA IRANG**

**Sa gitna ng panganib na dulot ng COVID-19, hindi nawala ang malasakit at pagkakaisa ng mga tao na makatulong sa kapwa. Isang halimbawa nito ay ang Bantog Samahang Nayon Multi-Purpose Cooperative (BSNMPC) na nagkaloob ng mga *relief goods* sa mga kapos-palad na miyembro at pamilya sa Sitio Cabaruan sa barangay Bantog, Asingan, Pangasinan.**

Ipinamahagi noong Marso 26 ang mga *relief goods*, na ang bawa't isa ay naglalaman ng dalawang kilong bigas, kalahating kilong asukal, at 25 gramo ng kape. Ang kabutihang ito ay nakapagbigay biyaya sa 50 pamilya sa nasabing lugar.

Ayon kay Pacita Aquino, *quality assurance officer* ng BSNMPC, sinimulan na rin ng kooperatiba na isagawa ang kanilang *community-based milk feeding program* para sa mga *senior citizens* at mag-aaral para makatulong mapalakas ang kanilang resistensiya at *immune system.*

Ang BSNMPC ay isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Don Mariano Marcos Memorial State University sa Rosario, La Union.

# ALAB KARBAWAN




## UPDATES

NINA CHRISSALYN MARCELO AT PAUL ANDREW TEXON

**Kabi-kabilang pakikipagtulungan, pagsasanay sa magsasaka, pamamahagi ng kalabaw, at pagbubukas ng *milk processing plant* at *marketing outlet* sa iba't ibang bahagi ng bansa ang tuluy-tuloy na isinasagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa ilalim ng proyekto nitong ALAB-Karbawan na sinimulan nitong isagawa noong 2019.**

Ayon sa DA-PCC, ang salitang "ALAB" sa ALAB-Karbawan ay isang acronymn na ang ibig sabihin ay ***Accelerating Livelihood and Assets Buildup*** samantalang ang salitang "Karbawan" naman ay salitang mula sa Visayas at Mindanao na ang ibig sabihin ay "pagkakalabawan".


Layon ng proyektong ito na magkaroon ng ***Carabao-based Business Improvement Network (CBIN)*** sa 17 *sites* o lugar na matatagpuan sa 16 na probinsiya sa Pilipinas at inisponsoran ni Sen. Cynthia Villar.




### NABUONG KOLABORASYON O PAKIKIPAGTULUNGAN SA MGA KOOPERATIBA AT *LOCAL GOVERNMENT UNITs (LGUs)*

Mula sa 17 kooperatiba at 17 na LGUs na *target* ng proyekto, 16 na kooperatiba at 16 na LGUs na ang naging *partners* ng DA-PCC.

Mayroon na rin na **dalawang *processing plant*** at **tatlong *market outlets*** ang naitindig sa ilalim ng proyekto. Ang mga ito ay matatagpuan sa Bataan, Pangasinan, at Albay.





### PAMILYANG NAGING KASANGKOT SA PROYEKTO

Mula sa 340 pamilya na *target* ng proyekto, mayroon nang 180 pamilya ang naitalang naging kasangkot sa ALAB-Karbawan.

Sa bilang na ito, 99 na magsasakang miyembro ng pamilya naman ang naitalang nabigyan na ng pagsasanay sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Maliban dito, inaasahan din na sa 3rd *quarter* ng 2020, magkakaroon ng **212,303 na mga bata na magiging benepisyaryo ng *milk feeding program*** at **Php249,738,563 na halagang kikitain sa gatas ng kalabaw.**




### NAIPAMAHAGING KALABAW

Mula sa 850 kalabaw na *target* na maipamahagi sa ilalim ng proyekto, mayroon nang 395 kalabaw ang naipamahagi sa mga benepisyaryo.

Maliban dito, nakapagpamahagi rin ng 93 kalabaw ang DA-PCC sa mga kliyente nito.


Ilan pa sa *target* ng proyekto ay ang pagkakaroon ng **82,733kg na produksiyon ng gatas sa 4th *quarter* ng 2020, kita mula sa gatas na aabot sa Php4M *(raw milk)* at Php12M *(value-added)*, pagkakaroon ng 17 *qualified suppliers* para sa *milk feeding program* at may 100 na kababaihan na magnenegosyo sa gatas ng kalabaw.**

## PROJECT SITES

- Ilocos Sur
- Pangasinan
- Tarlac
- Bataan
- Albay
- Palawan
- Negros Oriental
- Antique
- Zamboanga del Sur
- Zamboanga del Norte
- Misamis Oriental
- Davao Del Sur
- Davao de Oro
- Davao Oriental
- South Cotabato
- North Cotabato



## Gatas ng kalabaw...MULA SA P. 1



**PCC sa Mariano Marcos State University**
Batac, Ilocos Norte
**Bilang ng benepisyaryo:** 873
**Dami ng gatas:** 1,584 litro ng gatas

**PCC sa Cagayan State University**
Tuguegarao City, Cagayan
**Bilang ng Benepisyaryo:** 4,479
**Dami ng gatas:** 1,994.8 litro ng gatas

**PCC sa Central Luzon State University**
Science City of Muñoz, Nueva Ecija
**Bilang ng Benepisyaryo:** 164
**Dami ng gatas:** 237.8 litro ng gatas

**PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University**
Rosario, La Union
**Bilang ng Benepisyaryo:** 17,989
**Dami ng gatas:** 5,500 litro ng gatas

**PCC sa University of the Philippines-Los Baños**
Los Baños, Laguna
**Bilang ng Benepisyaryo:** 12,452
**Dami ng gatas:** 4,531.24

**PCC sa Visayas State University**
Baybay City, Leyte
**Bilang ng Benepisaryo:** 2,919
**Dami ng gatas:** 1,729 litro ng gatas

**PCC sa West Visayas State University**
Calinog, Iloilo
**Bilang ng Benepisaryo:** 2,875
**Dami ng gatas:** 2,875 litro ng gatas

**PCC sa La Carlota Stock Farm**
La Granja, La Carlota CIty, Negros Occidental
**Bilang ng Benepisaryo:** 1,900
**Dami ng gatas:** 1,775.2 litro ng gatas

**PCC sa Ubay Stock Farm**
Ubay, Bohol
**Bilang ng Benepisaryo:** 25,692
**Dami ng gatas:** Mahigit 37,512.63 litro ng gatas

**PCC sa University of Southern Mindanao**
Kabacan, North Cotabato
**Bilang ng Benepisyaryo:** 256
**Dami ng gatas:** 278.6 litro ng gatas

**PCC sa Central Mindanao University**
Maramag, Bukidnon
**Bilang ng Benepisyaryo:** 3,946
**Dami ng gatas:** 4,934.8 litro ng gatas

**PCC sa Mindanao Livestock Production Complex**
Kalawit, Zamboanga Del Norte
**Bilang ng Benepisyaryo:** 1,682
**Dami ng gatas:** 4,588 litro ng gatas

# DA-PCC sa kanyang ika-27 taon

NI CHARLENE JOANINO

PCC 27 VALUE INNOVATIONS: NEW THINKING IN CARAPRENEURSHIP #PCCAT27 #VALUEINNOVATIONS #NEWTHINKING

**Sa kanyang ika-27 taon bilang ahensiya sa ilalim ng Department of Agriculture (DA), nakatuon ang mga programa ng DA-Philippine Carabao Center (PCC) sa layunin ng DA na "Masaganang Ani at Mataas na Kita".**

Ayon kay Dr. Arnel Del Barrio, DA-PCC *executive director*, ang tema ng ika-27 anibersaryo ng DA-PCC na ginunita noong Marso na "Value Innovations: New Thinking in Carapreneurship" ay nakaugnay sa *strategic plan* ng ahensya para sa taong 2020 hanggang 2025 alinsunod sa adhikain ng DA.

Ang *strategic plan* ay tinawag na "Propelling PCC Towards a Dynamic Carabao Sectoral Development". Isinusulong nito ang pagkakaroon ng "Value-creating Innovations to Improve Productivity, Profitability, and Sustainability (VIPS) of Carabao-based Enterprises (CBE)."

"Bilang ahensiyang nasa larangan ng pananaliksik, gumagawa tayo ng mga makabagong innovations sa pamamagitan ng mga teknolohiyang makapagpapainam sa pagnenegosyo ng kalabaw o *carapreneurship* hindi lamang sa pampublikong sektor, kundi pati rin sa pampribadong sektor," ani Alvin David ng DA-PCC *Planning and Information Management Division*, at *chairperson* ng pagdiriwang ng anibersaryo.

Dagdag niya, ang mga teknolohiya halimbawa ng DA-PCC sa *products development* ay makatutulong sa pagbawas ng oras at gastusin sa paggawa ng produkto habang napananatili ang kalidad nito. Sa ganitong paraan, hindi lamang ang interes ng mga *carapreneurs* ang nabibigyang proteksyon, kundi maging ang sa mga mamimili.

Nakapaloob sa plano ng DA-PCC ang *Carabao Value Chain Improvement Services* (CVIS) na layuning mapaunlad ang mga negosyong salig sa kalabaw sa pamamagitan ng pagpapainam ng *organizational capability* ng mga *credit conduits, province-wide CBE models, client knowledge acquisition,* at *capability building.*

Isa pang inisyatiba ay ang "Carabao Herd Improvement Program Services" (CHIPS). Dito itinataguyod na mapaganda ang *genetics* ng kalabaw gamit ang epektibong pagkuha ng datos, pagsusuri, at *feedback system.*

"Sa pamamagitan ng *Research for Development and Innovation System* (R4DIS) ay maisasagawa ang naturang programa at magkakaroon rin ng mga modelong solusyon na makatutulong upang higit pang maging produktibo ang mga *carapreneurs*, nag-aalaga ng kalabaw, at mga magsasaka," pagbabahagi ni Dr. Del Barrio.

Ang *digitization* ng *extension* at *advisory services* ay isinusulong rin ng ahensiya.

Ang DA-PCC ay naitatag noong 1992 sa ilalim ng *Republic Act No. 7307*. Ito ay may mandato na tulungan ang mga lokal na magsasaka sa pamamagitan ng pagkonserba, pagpaparami, at pagsusulong ng kalabaw bilang mapagkukunan ng gatas at karne, at lakas-pantrabaho sa bukid.

Taong 1993 nang magsimula ang DA-PCC sa isang maliit na opisina sa Quezon City at ilang *centers* sa *regional network* nito. Noong 1998, naitayo ang *national headquarters at gene pool facilities* nito sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Sa kasalukuyan, ang DA-PCC ay may 12 *regional centers* na matatagpuan sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Ang mga ito ay nagkakaisa sa pagpapaunlad ng buhay ng pangunahing kliyente ng ahensiya partikular na ang mga maliliit na magsasaka. Kasabay nito ang tuluy-tuloy na pagpapatatag ng *carabao industry value chain* ng sa pamamagitan ng pagbibigay serbisyo at pag-asiste sa lahat ng kabahagi rito.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!

## Ano ang *corona virus disease* o COVID-19?

**Ang COVID-19 ay isang nakahahawang sakit na sanhi ng bagong diskobreng *coronavirus.* Ang virus na ito ay nagdudulot ng iba't ibang klaseng sakit mula sa karaniwang ubo at sipon hanggang sa mas malubhang impeksyon.**

## Ano ang pangunahing sintomas nito?

Lagnat, ubo, at sipon

## Paano maiiwasan ang COVID-19?

Ang mga sumusunod ang mga paraan para maiwasan ang COVID-19:

1. Ugaliing maghugas lagi ng kamay o gumamit ng *alcohol* o *hand sanitizer.*
2. Lumayo at takpan ang bibig at ilong sa tuwing uubo at babahing.
3. Umiwas sa mga taong may sintomas ng lagnat, ubo, at sipon.
4. Uminom ng maraming tubig at siguraduhing luto ang mga pagkain.
5. Sumailalim sa *14 days self-* o *home-quarantine* kung nanggaling sa mga lugar o bansang may kaso ng COVID-19
6. Manatiling nasa loob ng bahay habang ipinatutupad ang *enhanced community quarantine.*
7. Agarang kumonsulta sa doktor kung may mga sintomas ng COVID.

*(May impormasyon mula sa World Health Organization at Department of Health)*

## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Ang salitang "impact zone", samantala, ay isang lugar o magkakalapit na mga lugar kung saan lahat ng kailangang sangkap para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kabuhayang salig sa kalabaw ay pinagsasama-sama sa layuning makalikha ng makahulugang pagbabago sa kanayunan at kalaunan ay sa kabuuang lipunan. Ang probinsya ng Nueva Ecija ang naitalaga na National Impact Zone habang ang piling mga bayan naman na nasasakupan ng *PCC regional centers* ang tinaguriang Regional Impact Zones.

## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac, Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahalang Patnugot:** Charlene S. Joanino
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino, Chrissalyn L . Marcelo
**Nag-ambag ng Artikulo:** Dorie D. Bastatas, Aileen L. Bulusan, Jeson C. Candole, Paul Andrew P. Texon, Rodolfo Jr. T. Valdez, Mary Antonette Andarza
**Layout:** Ma. Cecilia C. Irang
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene P. Corpuz
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio